## Part 1: Ang Tamang Pananaw

### 1.4 ANG TAMA

Ang isang pananaw na nakabase sa katotohanan ay magbubunga ng mabuting moralidad na magbubunga naman ng tamang pamumuhay. Noong nakaraang lesson binigyang kahulugan natin ang mga salitang totoo at mabuti. Ang totoo ay yaong sang-ayon sa salita ng Diyos. Ang mabuti naman ay ang nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos. Samakatuwid kung ang pananaw natin ay nakabase sa salita ng Diyos mabubunga ito ng moralidad na nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos na magbubunga naman ng tamang pamumuhay. Halimbawa:

| TOTOO → | MABUTI → | TAMA |
|---|---|---|
| Ang Diyos ang lumalang ng sanggol sa sinapupunan ng isang ina. (Jeremias 1:4-5) | Pahalgahan ang buhay sa sinapupunan. | Iingatan ang pagdadalang tao. |
| | Kinikilala na ang buhay ng nabubuong sanggol ay mula sa Diyios. | Hindi iisipin na ipalaglag ang sanggol. |

**TiME OUT**

- Ano ang magiging end result kung ang pananaw ng isang tao ay nakabase sa katotohanan?

  ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang kahulugan ng salitang **tama** ay: |
| | Nasasabi ko na ang isang pagkilos/gawa ay **tama** kung: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.




Genesis 4:1-16

Sina Adan at Eba ay mayroong dalawang anak. Cain ang pangalan ng panganay at Abel naman ang pangalawa.

Si Abel ay naging pastol, habang si Cain ay naging magsasaka. Dumating ang panahon na naghandog ang magkapatid sa Diyos. Si Cain ay naghandog ng kanyang ani mula sa bukid. Kinuha naman ni Abel ang isa sa mga panganay ng kanyang kawan. Pinatay niya ito at inihandog ang pinakamainam na bahagi. Ang Diyos ay nasiyahan kay Abel at sa kanyang handog, ngunit hindi niya kinalugdan si Cain at ang handog nito.

Dahil dito, hindi mailarawan ang mukha ni Cain sa tindi ng galit. Kaya't sinabi ng Diyos, "Anong ikinagagalit mo, Cain? Bakit ganyan ang mukha mo? Kung mabuti ang ginawa mo, hindi ka ba kaluluguran? Kung masama naman, ang kasalana'y tulad ng mabangis na hayop na laging nag-aabang upang lapain ka. Nais nitong pagharian ka. Kaya't kailangang mapaglabanan mo ito."

Isang araw, niyaya ni Cain ang kanyang kapatid na pumunta sa bukid. Sumama naman ito, ngunit pagdating nila sa bukid ay pinatay ni Cain si Abel.

Kaya naman tinanong ng Diyos si Cain, "Nasaan ang kapatid mong si Abel?" Sumagot siya, "Hindi ko alam. Bakit, ako ba'y tagapag-alaga ng aking kapatid?"

At sinabi ng Diyos, "Cain, ano itong ginawa mo? Sumisigaw sa akin mula sa lupa ang dugo ng iyong kapatid, at humihingi ng katarungan." Pinarusahan ng Diyos si Cain. Sinabi ng Diyos na hindi na makakapag-ani si Cain kahit bungkalin nito ang lupa. Siya ay magpapagala-gala sa daigdig. Nilagyan ng Diyos si Cain ng palatandaan sa noo bilang babala na hindi siya dapat patayin ninuman.

Pagkatapos nito, si Cain ay umalis sa harap ng Diyos. Siya ay nagtungo sa lupain ng Nod palayo sa Diyos.

- Bakit nagalit si Cain?

  ______________________________________________

- Anong paalala ang binigay ng Diyos kay Cain?

  ______________________________________________________________


  ______________________________________________________________

- Hindi nakinig si Cain sa Diyos. Ano ang naging bunga ng hindi niya pakikinig sa payo ng Diyos?

  ______________________________________________________________

  ______________________________________________________________

**PAG-USAPAN:**



Ang tama ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Sinasabi sa Hebrews 11 na si Abel ay may pusong nagtitiwala sa Diyos kaya't ang kanyang handog ay naging mabuti at ito'y tinanggap ng Diyos. Gaya ni Abel, kalooban ng Diyos na ang lahat ng lumalapit sa Kanya ay dapat na may pagtitiwala o pananampalataya sa Kanya at sa Kanyang salita.

Si Cain ay naghandog ayon sa kanyang sariling paniniwala at ito'y hindi naging katanggap-tanggap sa Panginoon. Hindi niya binigyang pansin ang payo ng Diyos; bagkos ay hinayaan niyang maghari ang galit sa kanyang puso hanggang sa napatay niya ang kanyang kapatid. Makikita natin dito ang pagkawalang tiwala at pagpapahalaga ni Cain sa salita ng Diyos.



Humingi ng tawad si Lisa sa kanyang mga magulang sapagkat hindi siya nakinig sa kanila nang sabihin nila na mag-aral muna siya at huwag magnobyo. Alam niya na ang pagpapalaglag ay hindi solution sapagkat ito ay taliwas sa natutunan niyang turo sa salita ng Diyos. Alam niyang magiging mahirap ang maging single parent ngunit kailangan niyang harapin ito. Hiniling niya sa kanyang mga magulang na kung maaari ay tulungan siya sa pagpapalaki ng kanyang magiging anak dahil alam niyang malaki pa ang kanyang kakulangan sa bagay na ito. Naglaan ng suporta ang mag-asawa sa kanilang anak at patuloy siyang ginabayan.

Ang kahulugan ng salitang **tama** na ating natutuhan sa lesson ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Masasabi mo bang tama ang naging desisyon ni Lisa? Bakit mo nasabi ito?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



Ang kaalaman sa kalooban ng Diyos ay napakahalaga. Paano tayo makagagawa ng tama kung hindi natin alam ang dapat paniwalaan. At paano tayo makapaniniwala ng tama kung wala tayong alam tungkol sa pangaral ni Cristo.

Ano ang tama? Ang tama ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Bakit mahalaga na malaman at paniwalaan mo ang salita ng Diyos?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Masasabi mo ba na ang lahat ng iyong ginagawa o kinikilos ngayon ay tama? Bakit mo nasabi ito?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="2">Natutuhan ko na</td><td>Ang kahulugan ng salitang tama ay:</td></tr>
<tr><td>Masasabi ko na ang isang pagkilos/gawa ay tama kung:</td></tr>
</table>

**Verse of the Day:**

Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsawaysa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain. ***2 Timoteo 3:16-17***